# MAGHANDA, IAYOS, MATUTO!

Mahal naming mga pamilya:

Maligayang pagdating sa Maghanda, Iayos, Matuto, isang programa upang matulungan ang mga tatlong-taong gulang na maghanda para sa paaralan.

Ang pagkatuto ay nagsisimula sa tahanan, at ang Maghanda, Iayos, Matuto ay isang kasangkapan na magagamit ng mga pamilya upang matulungan ang mga bata na maabot ang kanilang pinakamagaling. Ang mga paaralang elementarya sa buong British Columbia ay inanyayahan na maging punong-abala o mag-host" ng mga "open house" ng Maghanda, Iayos, Matuto para sa mga tatlong-taong gulang at kanilang mga pamilya. Bilang bahagi nito, ikinagagalak naming ibigay ang pakete o kit na ito upang makatulong sa inyo sa pakikipagtrabaho ninyo sa inyong anak sa bahay.

Ang pagbasa ang pundasyon ng tagumpay ng bawat bata sa buhay at sa pag-aaral, at iyan ang dahilan kaya nakasama sa paketeng ito ang kopya ng *Animachines* – isang libro para sa mga batang mambabasa. Hinihimok namin kayo na maglaan ng isang espesyal na oras upang masiyahan sa libro na ito kasama ang inyong anak at pag-usapan ang kwento at mga larawan.

Gayundin, tumanggap kayo ng isang kopya ng *Maghanda, Iayos, Matuto –Pagtulong sa inyong preschooler na maghanda para sa paaralan,* na punung-puno ng madadaling paraan upang makatulong kayo sa pagiging handa ng inyong anak sa paaralan. Mangyaring subukan ang ilan sa mga mungkahi sa tahanan kasama ang inyong anak. Maging inspirado, at magkaroon ng kasiyahan.

Ang Maghanda, Iayos, Matuto ay ginagawang pundasyon at sinusuportahan ang mga gawaing pagbabasa na nangyayari na sa mga pamilya at komunidad sa B.C. Ang programang ito ay isa lamang sa mga pamamaraan na aming ginagawa upang ang B.C. ay maging pinakamainam na may pinag-aralan, pinakamaraming nakababasa't nakasusulat na hurisdiksiyon sa buong lupalop, at inaasahan naming makikita ninyo na nakatutulong ang paketeng ito

Kung kayo ay may mga puna tungkol sa "open house" ng Maghanda, Iayos, Matuto na inyong dinaluhan, mangyaring makipag-ugnayan sa punong-guro upang maisama nila ang inyong puna sa ginagawang pagtasa o "evaluation" ng paaralan para sa Ministri ng Edukasyon.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano kayo makatutulong sa inyong anak, mangyaring bisitahin ang Achieve BC Website **(www.achievebc.ca).**

Maghanda… iayos… at matuto!

Shirley Bond
Ministro ng Edukasyon at
Kinatawan ng Primyer (at Ministro Responsable sa Maagang Pagkatuto at Karunungang Bumasa't Sumulat)

Tom Christensen
Ministro para sa Paglago ng mga Bata at Pamilya

George Abbott
Ministro ng Kalusugan

BRITISH COLUMBIA
The Best Place on Earth

[Filipino]